

## Tuwing may lagnat at iba pa

### Mga dapat gawin


- **Huwag pumasok sa trabaho, paaralan at huwag lumabas ng bahay** kung may lagnat, at iba pang masamang kondisyon ng katawan.
- Kung nag-alala dahil may lagnat at iba pa, tumawag at kumonsulta sa iyong doktor.
- Kung hindi alam kung saan pwedeng kumonsulta, tingnan sa website ng Saitama Prefecture ang listahan ng medikal na institusyon (\*) at ang detalyeng impormasyon nito. Pwede ring tumawag o kumonsulta sa [Saitama Prefecture COVID-19 Consultation Center] at sa [Citizen's Support Center] ng Saitama.

\*Saitama Prefecture website: [Listahan at detalye ng medikal na pasilidad \(link\)](#)

Pwede ring i-access ang link sa QR code. →



## **Pamaraan ng konsultasyon, pagsusuri, paggamot at iba pa**



## Para sa impormasyon

### •Saitama Prefecture COVID-19 Consultation Center

Tumatanggap ng konsultasyon at katanungan kung kailangan o saang klinika/ospital pwedeng magpunta.

**Tel: 048-762-8026 / Fax: 048-816-5801** (Kung may problema sa pandinig)

**Kailan:** Lunes ~ Sabado (pwede kahit holiday), 9:00am – 5:30pm

### •Saitama Prefecture COVID-19 Support Center

Tumatanggap ng katanungan tungkol sa mga klinika/ospital at iba pa.

**Tel: 0570-783-770 / Fax: 048-830-4808** (Kung may problema sa pandinig)

**Kailan:** Araw-araw, 24 oras

### •COVID-19 Hotline for Foreign Residents

Pwedeng tumawag at kumonsulta sa ibang wika (may interpreter).

**Tel: 048-711-3025** (Araw-araw, 24 oras)

**Wika (20):** English, Chinese, Spanish, Portuguese, Korean, Tagalog, Thai, Vietnamese, Indonesian, Nepali, Malay, Burmese, Khmer, French, German, Italian, Russian, Mongolian, Sinhala, Simple Japanese

### •Koshigaya City COVID-19 Consultation Center

Tumawag at kumonsulta kung may pag-alala tungkol sa COVID-19 at iba pang konsultasyon kaugnay sa kalusugan.

**Tel: 048-940-5153**, Lunes ~ Biyernes, 8:30am – 5:15pm (maliban kung holiday)

## Mga paalala tuwing magpunta sa ospital/klinika

- Ang lugar at oras ng pagtanggap ng pasyente sa mga ospital/klinika ay nahahati ayon sa kondisyon ng bawat pasyente. **Kailangang tumawag muna**, magpa reserba at iba pa bago magpunta. **Mangyaring hindi tatanggapin kung walang reserbasyon.**
- Huwag kalimutang magsuot ng mask at sundin ang habilin ng doktor.
- Kung maaari iwasang sumakay sa pam-publikong transportasyon tulad ng tren, bus, at iba pa papunta sa ospital/klinika.
- **Ang tatanggaping pasyente** sa nakatakdang ospital/klinika sa Saitama para sa COVID-19 **ay ang inerekomenda lamang ng doktor na kailangan ma-checkup. Hindi tatanggapin ang mga pasyente na malabo ang pag-alala at gusto lang magkakaroon ng kasiguraduhan na negatibo at walang impeksyon sa virus.**
- Mangyaring ang pagkolekta ng specimen o sample kaugnay sa impeksyon ng COVID-19 ay mangyaring gagawin sa ibang medikal na pasilidad (Koshigaya City Regional Outpatient and Testing Center, at iba pa).
- Bibigyan ang pasyente ng gamot para sa influenza kung malakas ang hinala ng doktor na ang kondisyon ng pasyente ay influenza. Walang mangyaring pagsusuri o checkup ng COVID-19.